

# Libreng gamot sa QC residents itinulak

Isinulong ni Quezon City 4th District Councilor Imee Rillo ang programang pangkalusugan kabilang na ang regular na pamamahagi ng 'maintenance medicines' sa mga karapat-dapat na 'constituents' sa lungsod.

Ayon sa konsehal, nagsagawa ang kaniyang tanggapan ng survey sa kanilang mahihirap na 'constituents' na may mga sakit o may iniinom na maintenance medicine, at nalaman nila na karamihan dito hindi na bumibili ng gamot, dahil mas nais umanong unahin ng mga ito ang malagyan ng pagkain ang kanilang kumakalam na sikmura.

Isang memorandum of agreement (MOA) ang nilagdaan ni Rillo sa apat na ospital na pinatatakbo ng gobyerno na aayuda sa medikal at pagpapalibing ng mahihirap na residente ng lungsod.

Maging ang mga mahihirap na pamilya na namatayan ng kanilang mga mahal sa buhay ay sasagutin na rin ang libing sa pamamagitan nina Barangay Chairman Rodel Lobo, may-ari ng Wyn Funeral Services at Debra Navarro ng Amber Funeral Services na kabilang din sa lumagda sa MOA.